**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

# PAGTATAYA SA ANTAS-KAKAYAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA DALUBHASANG ANTAS: BATAYAN SA PAGBUO NG SANAYANG PAPEL

**Marino L. Crisostomo, Niña Kristine Jazmines, EdD**
Master of Arts in Education, Major in Filipino National Teachers College,
Graduate Program School of Teacher Education
*m.crisostomo@ntc.edu.ph, mharzcris87@gmail.com*
DOI:10.66305/737705

Abstract

*This research aimed to evaluate the Filipino essay writing proficiency of 115 tertiary students at the National Teachers College based on four key dimensions: lexical, semantic, syntactic, and orthographic. Utilizing a mixed-method descriptive-developmental design, the study analyzed survey data, student essays, and pedagogical strategies from expert professors. Findings revealed that the overall writing ability of the students is at a "moderate level" (Overall Mean=30.10). Grammar (Mean=2.34) was identified as the most significant challenge, particularly regarding word order confusion and the "affective filter" caused by the fear of making errors, which hinders the production of extensive compositions. Vocabulary limitations also persist due to limited exposure to formal Filipino and the dominance of the English language in social media and professional environments. Despite these linguistic weaknesses, students expressed a high level of agreement regarding the academic, professional, and personal-social benefits of proficient writing. In response to these findings, the researcher developed "BALAYBAY," a systematic worksheet designed to serve as an instructional intervention. Grounded in Krashen's Input Hypothesis and Vygotsky's Sociocultural Theory, BALAYBAY provides targeted scaffolding within the students' Zone of Proximal Development to bridge the identified learning gaps. The study concludes that providing a rich, artificial language environment through contextualized materials is essential for elevating student competence toward mastery.*

**Keywords:** *BALAYBAY, Filipino Proficiency, Mixed-Method Design, Scaffolding, Zone of Proximal Development*

## INTRODUCTION

Sa pandaigdigang perspektiba, ang pagpapatatag ng katutubong wika ay kinikilala ng UNESCO (2019) bilang pundasyon ng intelektwal na kalayaan at pambansang pagkakakilanlan. Ang mga progresibong bansa sa Asya-Pasipiko gaya ng South Korea, Japan, at Singapore ay matagumpay na naisama ang sariling wika sa kanilang pag-unlad habang sumasabay sa globalisasyon. Binibigyang-diin ng Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) ang kahalagahan ng sistematikong pagsasanay upang matiyak ang kalidad ng edukasyong pangwika. Sa kabila nito, ang pagsusulat ay nananatiling pinakamahirap na makrong kasanayan na linangin sapagkat isa itong masalimuot na gawaing pisikal at mental.

Sa konteksto ng Pilipinas, nahaharap ang bansa sa isang malubhang krisis sa literasiya. Ayon sa World Bank (2022), umakyat sa 91% ang learning poverty rate sa bansa, kung saan siyam sa bawat sampung bata ay nahihirapang makaunawa ng simpleng teksto. Lalo pang pinalubha ang sitwasyong ito ng pandemyang COVID-19, na nagdulot ng educational isolation at pagkawala ng natural na interaksyong pangwika. Sa pagpasok ng digital age, ang labis na paggamit ng social media at pag-usbong ng wikang GenZ (paggamit ng slang at pinaikling salita) ay nagiging balakid sa pormal na pagsulat.

Sa National Teachers College, naobserbahan ang isang nakababahalang pattern ng kahinaan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Lumitaw ang mga sistematikong pagkakamali sa apat na dimensyon: ang leksikal (limitadong bokabularyo), semantiko (maling pagpili ng kahulugan), sintaktiko (magulong estruktura ng pangungusap), at ortograpiko (maling baybay at bantas). Ang kakulangan sa mastery ng akademikong pagsulat ay may direktang epekto sa pangkalahatang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Bagaman marami ang pananaliksik sa mga problema sa wika, limitado ang mga pag-aaral na naglalayong makabuo ng konkretong solusyon o programang pang-interbensyon.

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay mataya ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas. Sinisikap nitong mabatid ang mga salik at hamon sa bokabularyo at gramatika, at tukuyin ang mga estratehiya na makatutulong sa pagpapahusay ng kasanayang ito.

Bilang tugon sa mga natukoy na kahinaan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng BALAYBAY, isang iminumungkahing sanayang papel (worksheet). Ang kagamitang ito ay magsisilbing interbensyong materyal at pansamantalang gabay (scaffolding) upang mapunan ang learning gap at maitaas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral patungo sa ganap na kahusayan sa akademikong Filipino.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay mataya ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas bilang batayan sa pagbuo ng sanayang papel. Ang mga tiyak na layunin ay ang mga sumusunod: (1) Matukoy ang antas ng kakayahan sa pagsulat batay sa dimensyong leksikal, semantiko, sintaktiko, at ortograpiko; (2) Mabatid ang mga salik na nakaaapekto sa pagsulat gaya ng mga

hamon sa bokabularyo, gramatika, at panlipunang salik; (3) Masuri ang mga positibong epekto ng mahusay na pagsulat sa aspektong akademiko, propesyonal, at personal; (4) Makakalap ng mga estratehiya mula sa mga dalubhasang propesor upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat; (5) Makabuo ng BALAYBAY, isang mungkahing gabay-panuntunan (worksheet) na magsisilbing interbensyon sa pagkatuto.

**OBJECTIVES OF THE STUDY**

Ang pananaliksik ay naglayon mataya ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas ng National Teachers College

- Matukoy ang kasalukuyang antas ng kakayahan sa pagsulat batay sa apat na dimensyon: leksikal (pagpili ng salita), semantiko (wastong gamit ng kahulugan), sintaktiko (pagbuo ng pangungusap), at ortograpiko (mekaniks).
- Mabatid ang mga salik at hamon na nakaaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral, partikular na ang mga suliranin sa bokabularyo, gramatika, at ang impluwensya ng mga panlipunan at pangkapaligirang salik.
- Masuri ang mga positibong epekto o benepisyo ng pagiging mahusay sa pagsulat sa aspetong akademiko, propesyonal, at personal-panlipunan.
- Makakalap at matukoy ang mga pangunahing estratehiya sa pagsulat mula sa mga dalubhasang propesor na maaaring gamitin upang lalong mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas.
- Pinakahuli, ang lahat ng mga natuklasang datos at mga batayang teorya (Input Hypothesis at Sociocultural Theory) ay ginamit upang makabuo at makapagdisenyo ng sanayang papel (BALAYBAY) na magsisilbing praktikal na solusyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.

Ang mga layuning ito ang nagsilbing gabay upang makapagbigay ang pananaliksik ng mahahalagang impormasyon para sa mga guro at administrador sa pagbuo ng mas epektibong mga pamamaraan sa pagtuturo ng akademikong Filipino.

## METHODOLOGY

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamitan ang pananaliksik na ito ng mixed-method research design, partikular na ang descriptive-developmental design. Ang disenyong ito ay pinagsasama ang quantitative (numerikong datos) at qualitative (palarawang datos) upang makakuha ng mas malalim at tumpak na

larawan ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang deskriptibong bahagi ay sumuri sa kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagsulat, habang ang debelopmental na bahagi ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng Sanayang Papel (BALAYBAY) bilang kongkretong output at solusyon sa mga natukoy na kahinaan.

## RESULTS AND DISCUSSION

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta ng pananaliksik batay sa mga instrumentong ginamit, kabilang ang pagsusuri sa antas ng kakayahan, mga hamon, at mga benepisyo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

### Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay

Ang pangkalahatang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay nasa "katamtamang antas". Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga marka sa apat na dimensyong sinuri.

Talahanayan 1. *Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino ng mga Mag-aaral*

| Dimensyon | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Leksikal (Pagpili ng Salita) | 5.48 | 1.34 | Katamtaman |
| Semantiko (Gamit ng Kahulugan) | 10.04 | 3.45 | Katamtaman |
| Sintaktiko (Pagbuo ng Pangungusap) | 5.70 | 2.03 | Katamtama |
| Ortograpiko (Mekaniks | 8.89 | 3.79 | Katamtama |
| Kabuuan | 30.1 | 7.67 | Katamtaman |

Batay sa mga datos, ang ortograpikong kasanayan ang nakakuha ng pinakamataas na mean score (8.89), na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may pundasyon na sa wastong baybay at bantas mula sa mga naunang antas ng edukasyon. Gayunpaman, ang leksikal na kasanayan (5.48) ay nagpapakita ng limitadong bokabularyo sa akademikong Filipino. Sa ilalim ng *Input Hypothesis* ni Krashen, ang resultang ito ay bunga ng kakulangan sa *comprehensible input* (i+1) sa pormal na wika. Ayon naman sa *Sociocultural Theory* ni Vygotsky, ang malawak na *range* sa semantika (25) ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay nasa magkakaibang yugto ng kanilang *Zone of Proximal Development* (ZPD).

**Talahanayan 2.** *Mga Hamon na Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat*

| **Mga Salik** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| Hamon sa Bokabularyo | 2.61 | Sumasang-ayon (Mabigat) |
| Hamon sa Gramatika | 2.34 | Hindi Sumasang-ayon (Katamtaman) |
| Panlipunan at Pangkapaligirang Salik | 2.29 | Hindi Sumasang-ayon (Katamtaman) |

Ang pinakamabigat na hamon sa bokabularyo ay ang paghahanap ng tamang salitang Filipino (Q1, Mean=2.86). Sa gramatika, ang kalituhan sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita (word order) ang nanguna (Q11, Mean=2.83). Ang mga hamong ito ay nagpapataas sa *Affective Filter* ng mga mag-aaral, gaya ng takot na magkamali sa balarila (Q20, Mean=2.73), na siyang pumipigil sa kanila na sumulat ng mas mahahabang komposisyon. Ang pangingibabaw ng wikang Ingles sa social media at mga propesyonal na larangan (Q30, Mean=3.03) ay naglilimita rin sa natural na akwisisyon ng pormal na Filipino..

**Talahanayan 3.** *Positibong Epekto ng Mahusay na Pagsulat sa Iba't Ibang Aspekto*

| Aspekto ng Benepisyo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Pang-akademikong Benepisyo | 3.45 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pang-propesyonal na Benepisyo | 3.26 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Personal at Panlipunang Benepisyo | 3.61 | Lubos na Sumasang-ayon |

Ang **personal at panlipunang benepisyo** ang nakakuha ng pinakamataas na pagsang-ayon (3.61), partikular sa pagpapahayag ng damdamin at karanasan (Q52, Mean=3.71). Ipinapakita nito na ginagamit ng mga mag-aaral ang pagsulat bilang *psychological tool* para sa *social mediation* at pagbuo ng identidad. Ang mataas na motibasyong ito ay isang mahalagang salik na maaaring gamitin upang ibaba ang *affective filter* at itulay ang mga mag-aaral sa kanilang ZPD sa pamamagitan ng tamang *scaffolding.*

**Implikasyon at ang BALAYBAY bilang Interbensyon**

Ang mga natuklasang "katamtamang antas" at ang mga tiyak na hamon sa gramatika at bokabularyo ay nagpapatunay sa kagyat na pangangailangan para sa **BALAYBAY**. Ang sanayang papel na ito ay nagsisilbing *artificial* na kapaligirang pangwika na nagbibigay ng sistematikong *scaffolding.* Alinsunod sa disenyo ni Gagné, ang bawat sesyon sa BALAYBAY ay binuo upang magbigay ng *feedback* at gabay na direktang tumutugon sa mga natukoy na kahinaan sa apat na dimensyon, na naglalayong maitaas ang kasanayan ng mga mag-aaral patungo sa antas ng kahusayan at pagsasarili.

**Limitasyon at Mungkahi para sa Susunod na Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay limitado lamang sa 115 mag-aaral sa isang institusyon. Iminumungkahi ang pagsasagawa ng balidasyon sa BALAYBAY sa mas malaking

populasyon at sa iba't ibang rehiyon upang masuri ang pagiging epektibo nito sa mas malawak na konteksto. Maaari ring pag-aralan ang iba pang anyo ng sulatin gaya ng malikhaing pagsulat at teknikal na pagsulat sa Filipino.

**Ang mga pangunahing estratehiya sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino na dapat isaalang-alang upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas.**

Ang pagsusuri sa mga estratehiya ng mga respondate ay nagbubunyag ng tatlong pangunahing paradigma ng kasanayan: ang sistematikong oryentasyong nakatuon sa mambabasa, ang intelektwal-pilosopikal na pagkilala sa sariling pag-iisip (metacognition), at ang praktikal-istrukturang lapit na gumagamit ng teknolohiya

. Binibigyang-diin sa pag-aaral na ang yugto ng pagpaplano at paghahanda ang nagsisilbing pundasyon ng kalidad, kung saan ang pangangalap ng comprehensible input (i+1) sa pamamagitan ng masusing pananaliksik sa mga elektronikong mapagkukunan at pagmamatyag sa kapaligiran ay krusyal na hakbang bago ang aktwal na pagsulat.

Sa aspeto ng organisasyon, mahalaga ang relasyonal na pagkakabuklod ng simula, gitna, at wakas upang matiyak na ang bawat bahagi ay kapwa nakapag-iisa at nakadepende sa isa't isa tungo sa isang malinaw na mensahe

. Ang paggamit ng mga masining na "hook" o panimula ay hindi lamang isang estetika kundi isang sikolohikal na estratehiya upang ibaba ang affective filter ng mambabasa, habang ang maingat na pagpili sa antas ng wika ay dapat laging nakabatay sa target na audience at sa likas na pangangailangan ng paksa

.

Ang sopistikasyon sa pagsulat ay lalong makikita sa paggamit ng mga psychological tools gaya ng idyoma at sawikain na nagtataas sa antas ng kognitibong pagpapahayag ng manunulat

. Bukod dito, ang proseso ng rebisyon ay itinuturing na direktang aplikasyon ng scaffolding, kung saan ang pakikipagtulungan sa mga dalubhasa (MKO) at ang paggamit ng mga mediational tools gaya ng opisyal na manual ng KWF o mga digital na kagamitan tulad ng ChatGPT ay tumutulong upang mapunan ang

teknikal na kakulangan sa loob ng Zone of Proximal Development (ZPD) ng manunulat

.

Bilang pangkalahatang sintesis, napatunayan na walang iisang pormula para sa mahusay na pagsulat, kundi ito ay isang masining na balanse sa pagitan ng tradisyon at inobasyon

. Ang tagumpay ng isang sanaysay ay nakasalalay sa malalim na kamalayan sa mambabasa, masusing pagpili ng ebidensya, at ang kakayahan ng manunulat na kilalanin ang sariling proseso ng pag-iisip upang maiwasan ang pagkiling at mapanatili ang lohikal na daloy ng argumento.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa masusing pagsusuri ng mga datos, ang pananaliksik na ito ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon:

Ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino ng mga mag-aaral sa dalubhasang antas ay nananatili sa "katamtamang antas" sa lahat ng dimensyon. Ipinapakita nito na bagaman mayroon silang pundasyon sa wika, ang kanilang kasanayan ay hindi pa ganap na matatag upang tumugon sa mataas na antas ng akademikong diskurso. Ang ortograpiya ang lumabas na pinakamalakas na bahagi, na nagpapatunay na ang mga mekanikal na aspekto ng pagsulat ay mas madaling ma-internalize kaysa sa mga komplikadong aspekto gaya ng leksikon at semantika.

Ang pinakamalaking hadlang sa pag-unlad ng kasanayang ito ay ang mataas na affective filter ng mga mag-aaral, partikular ang takot na magkamali sa balarila. Ang takot na ito, na sinabayan pa ng limitadong comprehensible input sa pormal na Filipino dulot ng pangingibabaw ng wikang Ingles at impormal na wika sa social media, ay naglilimita sa kanilang kakayahang bumuo ng malalim at lohikal na argumento. Samakatuwid, ang kahinaan sa pagsulat ay hindi lamang usaping teknikal kundi isang sosyokultural na hamon.

Sa kabila ng mga kakulangang lingguwistika, ang mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga benepisyo ng pagsulat ay nagpapatunay na mayroong positibong motibasyon na maaaring gamitin bilang tumpak na tuntungan para sa interbensyon. Ang pagbuo ng BALAYBAY ay nagsisilbing estratehikong tugon na nagbibigay ng sistematikong scaffolding sa loob ng *Zone of Proximal Development* (ZPD) ng mga mag-aaral, na nagpapahintulot sa kanila na

unti-unting mapunan ang kanilang mga learning gaps patungo sa pagsasarili.

**Mga Mungkahi**

Upang higit na mapahusay ang kasanayan sa pagsulat at matiyak ang epektibong aplikasyon ng mga natuklasan, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Para sa mga Guro ng Filipino: Inirerekomenda ang aktibong paggamit ng BALAYBAY worksheet bilang bahagi ng kanilang pedagohikal na estratehiya. Higit sa lahat, dapat bigyang-diin ang paglikha ng isang kapaligirang pangwika na nagpapababa sa takot ng mga mag-aaral (low affective filter) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa pormal na pagsulat na may kaakibat na gabay at positibong feedback.

2. Para sa mga Administrador ng Paaralan: Iminumungkahi ang paglikha ng mga "Artificial Language Environments" sa loob ng kampus kung saan ang pormal na Filipino ang pangunahing wika ng komunikasyon sa mga aktibidad, upang mapunan ang kakulangan ng exposure ng mga mag-aaral sa labas ng silid-aralan. Dapat ding dagdagan ang mga makabagong materyales at kagamitang pampagtuturo sa Filipino sa mga silid-aklatan.

3. Para sa Commission on Higher Education (CHED): Maaaring isaalang-alang ang pagrepaso sa kurikulum ng kolehiyo upang palakasin ang mga asignaturang nakatuon sa Akademikong Pagsulat sa Filipino, nang sa gayon ay masabayan ang mga makabagong hamon ng digital age at propesyonal na mundo.

4. Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap: Iminumungkahi ang pagsasagawa ng pormal na field validation ng BALAYBAY sa mas malaking populasyon at sa iba pang mga rehiyon upang masukat ang pagiging epektibo nito sa iba't ibang konteksto. Maaari ring pag-aralan ang iba pang anyo ng sulatin gaya ng malikhaing pagsulat at teknikal na pagsulat upang higit na mapalawak ang saklaw ng pag-unlad ng wika.

## REFERENCES


Alcaraz, C.V., Jocson, M. O., & Villafuerte, P. V., (2016) Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School. Educational Resources Corporation

Aragon, Jhoana Marie L. , Balallo, Cecilia L. (2023) ANTAS SA KAHUSAYAN AT HAMON SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA WIKANG FILIPINO. Researchgate.net. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.14620.46727

Coleman, J. (2014) Global English Slang Methodologies and Perspectives (1sted.)Routledge.4-5

Liwanag, L.B. (2023) Pagtuturo Mula sa Puso, Unang Edisyon. REX Education.

Nuncio, R. (2016). Sidhaya 11: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (batayang aklat sa Filipino sa Senior High School). Quezon City C & E Publishing, Inc.

**PAG-AARAL at ARTIKULO**

Ahmed, S. (2019). Writing mechanics and vocabulary challenges in second language acquisition. (Hinalaw mula sa papel nina Uka et al., 2023).

Alcantara, EF. DL. Et al. (2023) Epekto ng Paggamit ng Salitang Balbal sa Komunikasyon ng mga Piling Mag-aaral sa Senior High School ng Taytay United Methodist Christian School. [Di-nalathalang manuskrito]. Senior High School Department, Taytay United Methodist Christian School.

Almario, V. S. (2019). "Filipino as Language of Knowledge." Komisyon sa Wikang Filipino.

Ayon, Aerol John O.. Isang Pag-aaral sa Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 ng General Academic Strand sa Wastong Paggamit ng Wikang Filipinong Our Lady of Fatima University sa Kasanayan sa Pakikipagtalastasan. [Di-nalathalang manuskrito]. Senior High School Department, Our Lady of Fatima University.

Beldad, E,. Jose, E., Laguda,E.C,, Efren D. Tumampil,E.D.( 2020)."Kaalaman Sa Paggamit Ng Bantas Ng Mga Piling Mag-Aaral Na Nasipasgtapos Ng Senior High School. [Di-nalathalang manuskrito].

Bonitez, A (2021, September 1) Effectiveness of Science Strategic Intervention Materials in Evaluating the Performance Level of Grade 7 Stuents. International Journal of Advance Research in education and society. Open Journal System : International Journal of Advanced Research in Education and Society, 3(2), 18–31. http://myjms.mohe.gov.my/index.php/ijares/article/view/13481

Busacay, Aries A.,Eguia, Maria Lourdes G., Jaravata, Mariar T., Malanom, Marlet V., Mamuyac. Clarence Jr. E., (2025) - Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas ng mga Mag-aaral sa Grade 11. January 2025. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies. Researchgate.net

Cabigao, Joey Ramos, (2013) "Magsikap, Mamulat, MAGSULAT." Pagpapaunlad sa Batayang Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Filipino Baitang 7

Cariaga, Michael Cabanday. Arellano University, Manila, Philippines. Pagtataya sa Antas ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa Kursong Edukasyon ng Arellano University- Main sa New Normal: Batayan sa Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo.

Cruz, M. A. et al. (2023). "Unveiling Educational Frontiers: Exploring The Role Of Filipino Language In Higher Learning." Journal of Namibian Studies.

Department of Education (2023). "K-12 Filipino Language Assessment Results: Post-Pandemic Analysis."

Dita, S. N. et al. (2023). "Preserving initiatives for the Filipino language: Analysis of language protection through personal efforts among Filipino students." ResearchGate.

Fayloga, Maria Nelita M., Guzman, Rodel B. (2025). KASANAYAN AT KARANASAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA SENIOR HIGH SCHOOL. EPRA International Journal of Research & Development (IJRD). Researchgate

Garland, R. (1991). The mid-point on a Likert scale: Is it desirable? Marketing Bulletin, 2(1), 66-70.

Gonzales, A. & Sibayan, B. (2023). "Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines." Humanities and Social Sciences Communications.

Ilagan, Mark Anthony A. (2022, March) Proponent: KAUSAP:Paraan Upang Malinang ang Literasiyang Pang- kultural ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Kasaysayan ng Daigdig.

Krashen, S. D. (1982). Principles and practice in second language acquisition. Pergamon Press.

Libranda, M. B. (2020). Pagsusuri sa Wika ng mga Henerasyong Z

Martinez, L. C. (2024). "Code-switching Patterns in Digital Communication: A Study of Filipino Youth." Asian Journal of Applied Linguistics.

Misa, Rex M. (2021). President Ramon Magsaysay State University, Philippines. KAKAYAHAN SA PANGGRAMATIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL NG GRADE 9 LABORATORY HIGH SCHOOL NG PRESIDENT RAMON MAGSAYSAY STATE UNIVERSITY. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf [15].

Nemoto, T., & Beglar, D. (2014). Likert-scale questionnaires in applied linguistics research. In JALT 2013 Conference Proceedings (pp. 1-8). Tokyo: JALT.

Reyes, J. P. (2022). "The Impact of Social Media on Filipino Language Use Among Millennials and Gen Z." Philippine Journal of Linguistics.

Saavedra, Analyn, 2020. "Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils" International Journal on Innovation, Creativity and Change, 2020.

Santos, R. M. (2023). "Transitional Challenges And Factors Affecting English-Speaking Learners In Learning The Filipino Language." ResearchGate.

.

Tica-A, Penelope F.(2024). Benguet State University, Philippine. Students' grammatical errors in essay writing

Vagias, W. M. (2006). Likert-type scale response anchors. Clemson International Institute for Tourism & Recreation Development, Clemson University.